# UNAPOLOGETIC APOLOGY: PAGSUSURI SA ESTRATEHIYA, AT PAGSUNOD SA KONDISYON NG PAGKALUGOD NG LENGGUWAHE NG PAGHINGI NG TAWAD NG MGA PERSONALIDAD MATAPOS ANG WALANG-HABAS NA PAGWASAK SA RELASYON

**JAMES BRYAN B. VERDEJO[1]**
De La Salle University Dasmariñas[1]
*Volume 10, Issue No.2*

## *Abstrak*

***Sa panahon kung saan ang mga personal na iskandalo ng mga personalidad ay agad na nagiging panooring-publiko, ang pagkilos nang paghingi ng kapatawaran ay nabago tungo sa madiskarteng digital na paraan. Sumasalamin ang pananaliksik na ito sa mga masasalimoot na pragmatikong paghingi ng tawad na ipinahayag ng mga kilalang Pilipinong personalidad—kasunod nang walang-habas na pagkasira ng relasyong batid ng publiko. Gamit ang kuwalitatibong dulog sa pamamagitan ng tekstuwal na pagsusuri, inilapat ng papel na ito ang teorya ni Trosborg hinggil sa Estratehiya ng Paghingi ng Tawad, at Kondisyon sa Pagkalugod ni Searle upang himayin kung paano ginamit ng mga personalidad ang wika upang ayusin ang nasirang reputasyon. Natuklasan ng pag-aaral ang magkakaibang ispektrum ng lingguwistikong maniobra: habang ang ilang personalidad ay tinanggap ang buong pananagutan at katapatan, ang iba ay gumamit ng mga estratehiya sa pagtatanggol, tulad ng pagbibigay-katwiran at 'di-direktang pag-ako sa responsibilidad, upang pagaanin ang bigat ng kanilang mga paglabag. Higit, nagkaroon ng kontekstuwalisasyon ang pananaliksik sa integrasyon ng mga Pilipinong konseptong pangkultura—kabilang ang hiya, pakikiramdam, at dangal—upang ipaliwanag kung bakit ang ilang estratehiya ay higit na tumutugon sa lokal na konteksto. Kinumpirma ng pagsusuri na bagaman ang paghingi ng tawad ay kadalasang nakatutugon sa mga praktikal na kondisyon ng pagkalugod, nananatili pa rin itong paksang pinagtatalunan kung saan ang linya sa pagitan ng tunay na pagsisisi at kalkuladong pag-aayos ng imahe ay maituturing na manipis. Huli, ang pananaliksik na ito ay nag-aalok ng kritikal na balangkas para sa pag-unawa kung paano hinuhubog ng mga birtuwal na espasyo ang etika ng pananagutan, at ang wika ng pagtubos sa kontemporaryong midya sa Pilipinas.***

**Susing Salita: Estratehiya sa Paghingi ng Tawad, Kondisyon ng Pagkalugod, Pagkumpuni ng Sariling Imahe, Personalidad sa Social Media, Pragmatikong Pagsusuri**

## INTRODUKSYON

Pinakamainam na paraan upang mapatawad sa pagkakasalang nagawa ay ang paghingi nito mula sa isang tao. At ang bawat tao sa mundo ay may iba't ibang paraan kung paano ito maipakikita (Sukron, 2022). Ayon pa sa kaniya, ang paghingi umano nito ay nauugnay sa pagkilos nang paghingi ng kapatawaran, ito ay paraan upang mapatawad ang taong nagkasala. Sa mga naunang pananaliksik, binigyang-diin din nina Blum at Kulka (1989) na ang paghingi ng tawad ay isa umanong uri ng pagtatangka ng tagapagsalita na gumawa ng mga pagkilos upang bumawi sa nagambalang interes ng nakikinig, at sinasalungat umano sa nais ng mukha ng nagsasalita. Kaugnay nito, maipagpapalagay na ang paghingi ng kapatawaran ay hindi lamang nagpapahayag ng pagsisisi, ngunit nag-aambag din ito sa pamamahala ng interpersonal na relasyon at pagpapabango ng imahe ng isang tao. Ang isang tao umanong taos-pusong humihingi ng tawad ay nagreresulta sa pagpapagaan ng sitwasyon sa halip na pabigatin pa ito, binibigyan-din nito ng katiyakan ang biktima, at pinananatili ang pagkakasundo at katatagan sa lipunan (Abudin at Sundari, 2021).

Sa mas mababaw namang pagtingin, sang-ayon sa papel nina Amalia, at Mujazain (2023), binanggit nila na sinabi ni Trosborg na karaniwan umanong pinagsisisihan ng isang tao ang kaniyang mga aksyon o pananalita sa pamamagitan ng pagpapahayag ng paghingi ng tawad at pagsasabi ng "sorry," o "excuse." Ito ay makikita sa pang-araw-araw na buhay. Halimbawa, may hindi nakikilala ang dati nilang kaibigan, dahil ilang taon na silang hindi nagkita. "Excuse me, sino ka? Sorry hindi kita maalala. Maaari mo bang ipakilala ang iyong sarili at sabihin sa akin ang iyong pangalan?" Ang isang halimbawa ng isang mahusay na nakasulat na paghingi ng tawad na may kasamang paliwanag ay ang isang ito.

Sa pamamagitan ng detalyadong pagpapakahulugan at pagbibigay-diin kung bakit mahalaga ang paghingi ng tawad ang siyang sandigan ng mananaliksik upang sang-ayunan ang binanggit ni Sukron (2022) na natatangi umanong suriin ang paraan ng pagpapahayag ng paghingi ng tawad ng isang nagkasala. Dagdag pa ang kaniyang paniniwala na ang bawat tao ay mayroon iba't ibang paraan ng pagpapahayag nito, at magkakaiba rin ang paraan ng kanilang paghingi ng kapatawaran. Aniya, ang mga diskarte sa paghingi ng tawad ay karaniwang lumalabas sa mga totoong pag-uusap. Sa teorya ni Trosborg (1994) inisa-isa niya ang mga estratehiyang maaaring gamitin kung tayo ay magpapahayag ng paghingi ng tawad, at ito ay isinasagawa upang hindi magkaroon ng maling pagkatanto na maaaring makasakit ng damdamin ng ibang tao.

Sa kasalukuyang panahon, ang mga social media personalities ay gumagamit ng social media plat-

form upang humingi ng tawad sa madla, lalo na kapag ang paglitaw ng pagkakasala ay nagmula sa anumang plataporma sa espasyong birtuwal (Ulmer, Sellnow, & Seeger, 2013; sa (Abudin at Sundari, 2021). Bilang resulta, ayon sa kaniya ay pinadadali ng mga platapormang ito ang pagpapatanyag sa mga personalidad. Ginagamit din nila ito bilang adbentahe sa mga pagkakataon na nababatid ng publiko ang kanilang pagkakasala o paglabag sa pamantayang moral ng lipunan sa pamamagitan ng paghingi nila ng kapatawaran. Ayon sa papel nina Dolan, (2023) ang kapakinabangan ng paghingi ng tawad sa pamamagitan nang paggamit ng social media ay ang pagbibigay nito nang mas magandang pagkakataon sa nagkasala na agarang makatugon sa paghingi nito sa publiko, hindi mahalaga kung katanggap-tanggap o nakatanggap ng mga negatibong tugon mula sa publiko.

Sang-ayon dito, hindi maipagkakaila na ang pinakamahalagang usapin hinggil sa paghingi ng tawad ay ang sinseridad ng taong nagpapahayag nito. Sa papel ni Song (2024), iginiit niya na ang sinseridad sa paghingi ng tawad ng mga personalidad ay kinasangkapan upang makuha ang perspektibo ng publiko, at pagtibayin ang mga nagdaang pananaliksik na ang sinseridad ay isa sa mga paksang pokus ng mga pananaliksik na tumatalakay sa paghingi ng tawad. Katulad nang napag-alaman nina Sandlin at Gracyalny, 2018; sa (Yifei, 2024), na ang mga positibong komento tungkol sa reputasyon ng isang personalidad ay nakapag-aambag sa pananaw ng katapatan sa paghingi ng tawad, na kung saan kadalasang humahantong sa pagpapatawad ng mga tagapanuod.

Karagdagan pa, batid ng mga personalidad na ang pagpapanatili ng kanilang panlipunang kalagayan, at impluwensiya ay maituturing na pagsubok higit kung magkakaroon ng hidwaan sa pagitan nila at ng kanilang mga tagahanga (Matheson 2023). Samakatuwid, mahalaga sa mga ito na kumilos at aksyunan ang pagkakamali upang mabawasan ang damdaming ng pagkakanulo at pagkabalisa upang maiwasan ang pagkawala ng kanilang mga tagahanga at maisalba ang kanilang kredibilidad sa mga potensyal na tagahanga (Guo 2023).

Bilang pagsusog dito, binigyang-diin naman nina Choi at Marie (2022), na bagama't ang mga natuklasan ay nagsisiwalat din na ang mga interpersonal na estratehiya ay walang kaugnayan sa persepyon ng katapatan, gayunpaman, hindi nito maisasantabi ang katotohanan na ang mga personalidad ay higit na nagaganyak na gumamit ng mga berbal na estratehiya sa paghingi ng tawad. Halimbawa, labis na binibigyang-diin ng mga YouTuber ang salitang "paumanhin" upang idirekta ang mga manonood ngunit ang "labis" na pag-uulit ng "paumanhin" ay tila sumasalungat na sa sinseridad. Kung kaya, sa harap ng mga krisis o iskandalo na pumupukaw ng mga kontrobersiya, ang mga per-

sonalidad na ito ay may posibilidad na humingi ng tawad gamit ang social media tulad ng Youtube sa halip na gawin ito sa tradisyonal na midya upang mapawalang bisa ang nakapipinsalang impluwensya.

Pinatotototohanan nito ang masalimoot na gamit ng wika sa usapin ng pamantayang pragmatiko (Hamza, at Nordin 2024). Gayundin ang mga tuntuning normatibo na namamahala sa paggamit nito, subalit maaari itong suriin gamit ang mga prinsipyong tutukoy kung ang diskurso ay naglalaman ng pagiging magalang, pagtutulungan, pagiging totoo, kaugnayan, at iba pa. Ang hamon ayon kay Zidane (2017; sa Hamza, at Nordin 2024) ay paglabag ng ilang mga tagapagsalita sa pamantayang pragmatiko, at paglihis sa mga prinsipyo nito. Dito papasok ang importansya ng pagalam kung ang paghingi ng tawag ng mga personalidad ay lumilihis sa sa kondisyon ng pagkalugod ni Searle (1969). Iginiit niya na dapat ay tumutugma sa kondisyon ng pagkalugod ang akto ng pagsasalita ng personalidad upang ito ay mapaniwalaan sapagkat, kung ang isa sa mga kundisyong ito ay malabag, ang pagkilos ay magiging hindi kaaya-aya sa tagapakinig.

Dahil ang paghingi ng tawad ay isang karaniwang paraan ng pagkukumpuni sa nasirang tiwala, ang pampublikong paghingi ng tawad ay nagiging isang karaniwang aktibidad na lamang para sa mga personalidad para sa layuning payapain ang kanilang mga tagahanga. Bilang resulta, hindi magiging katiwa-tiwala ang paghingi ng tawad ng mga personalidad na ito, hindi bukal sa puso, at ginagawa lamang dahil sa benepisyong maaaring makuha dahil dito na siyang sentral na suliraning nais sagutin at galugarin ng papel na ito.

## KAUGNAY NA LITERATURA

### Etratehiya ng Paghingi ng Tawad

Ang mga nagdaang pananaliksik ay nagbibigay ng iba't ibang tuklas at pananaw sa uri ng pagpapahayag ng paghingi ng tawad na resulta ng pasusing pagsisiyasat ng mga dalubwika at eksperto sa pamamahalaga. Karamihan sa mga lingguwistikong pag-aaral hinggil sa paksa ay nakatuon sa komposisyon ng kung paano ito isinasagawa sa pamamagitan ng pagkategorya sa kanilang estratehiyang pragmatiko (Olshtain & Cohen, 1983; Holmes, 1990; Trosborg, 1995). Ang pangunahing layunin ng mga ganitong pag-aaral ay ang masuri ang paghingi ng tawad bilang bahagi ng akto ng pagsasalita, sa iba't ibang kultura at wika, na sinusubukang galugarin at tuklasin ang pangkalahatang pagkakatulad-tulad (Shahrokhi & Jan, 2012; Kadar, Ning, & Ran, 2018).

Isa sa mga konseptong lumutang hinggil sa estretehiya ng paghingi ng tawad ay ang teorya ni Trosborg. Ayon sa kaniya, ang pagpapanumbalik sa isang nagkasala ay maaaring direktang isagawa sa pamamagitan ng tahasang paghingi ng tawad, sa pamamagitan ng utilisasyon ng mga salitang nag-

papahiwatid ng paghingi ng kapatawaran (Trosborg, 1994:376). Samantalang ipinalalagay naman ni Holmes (1992), na itinuturing umano ang paghingi ng tawad bilang akto nang pagsasalita na nakadirekta sa pangangailangan ng kausap at nilalayong malunasan ang isang pagkakasala kung saan inaako ng nagsasalita ang responsibilidad, at sa gayon ay maibalik ang balanse sa pagitan ng nagsasalita at kausap.

Sa ganang ito, nilinaw ni Trosborg (1995: 373), na mayroong tatlong papel na kasangkot sa paglutas ng hindi kanais-nais na sitwasyon sa pagitan ng nagsasalita at ng nakikinig, ng isang nagrereklamo, nagrereklamo o isang taong tumanggap ng reklamo o pagpapahayag ng kawalang-kasiyahan. Inilarawan naman nina Olsthain at Cohen sa Trosborg (1995: 373), na ang paghingi ng tawad ay kinakailangan kapag may ilang mga pag-uugali na lumabag sa mga pamantayan sa lipunan.

Ayon sa kaniya ay mayroong ilang mga estratehiya sa wika para sa pagpapahayag ng paghingi ng tawad. At ang mga sumusunod na bahagi sa ibaba ay ang mga karagdagang paliwanag ng paghingi ng tawad ayon sa konsepto ni Trosborg (1995).

1. Estratehiya ng Pag-iwas / Pagbabawas ng Pagkakasala
2. Direktang Paghingi ng Tawad / Pagpapahayag ng Paghingi ng Tawad
3. 'Di Direktang Paghingi ng Tawad / 'Di Pagkilala sa Responsibilidad
4. Paliwanag o Pananagutan
5. Pag-alok ng Pagsasaayos
6. Pagpapahayag ng Malasakit sa Tagapakinig
7. Pagtanggi
8. Pangako para sa Pagtitiis

Bilang karagdagan sa mga estratehiyang ito, binanggit din ni Trosborg (1995) ang isa pang estratehiya kung saan ang nagsasalita ay tumangging kumuha ng responsibilidad. Higit na partikular, ayon kay Trosborg (1995) ang pagtanggi sa responsibilidad ay maaaring magkaroon ng limang magkakaibang anyo:

1. Tahasang pagtanggi sa pananagutan
2. 'Di tahasang pagtanggi sa responsibilidad
3. Pangangatuwiran
4. Paninisi sa ibang tao
5. Pag-atake sa nagrereklamo

## Kondisyon ng Pagkalugod

Upang malampasan naman ang pagtukoy sa katotohanan ng isang pahayag, iminungkahi nina Austin sa Levinson (1995) ang Felicity Condition o Kondisyon ng Pagkalugod, ipinaliwanag niya na ang isang pagbigkas ay hindi masasabing tama o mali, ito ay masusukat lamang sa pamamagitan ng paggamit ng ilang mga kundisyon, kung ang isang pahayag ay nakatutugon sa mga kondisyong iyon, ito ay dapat na kalugod-lugod. Sang-ayon dito, sinasabi ni Searle (1969: 36) na ang pagsasalita ng isang wika ay gumaganap ng mga aksyon ayon sa mga tiyak

na alituntunin, at nagmumungkahi siya ng apat na uri ng mga kondisyon ng pagkalugod: kondisyon ng paghahanda, nilalaman ng proposisyon, kondisyon ng katapatan, at mahalagang kondisyon.

## Sintesis at Integrasyon sa Kulturang Pilipino

Masalimoot na maitutuing ang ipinamalas na pagbubuod at pagsasama-sama ng mga ideya at konsepto sa pagitan ng mga unibersal na estratehiyang pangwika at paglalapat nito sa mga katutubong konstruksyong pangkultura ng Filipino.

## Direkta vs. 'Di Direktang Komunikasyon

Sa pamamagitan nang pagtingin sa mga teoryang binanggit sa taas, tinukoy ng mga ito ang pagitan ng tahasang paghingi ng tawad, at ang mga umaasa sa paliwanag o pananagutan. Sa paliwanag ni Trosborg (1995), itinuturing na direktang paghingi ng tawad, o paglalahad ng paumanhin ang pagbanggit ng mga nagkasala ng mga salitang "sorry" or "patawad", upang tahasang akuin ang responsibilidad ng kaniyang pagkakasala.

Samantalang, maituturing naman 'di direktang estratehiya ang mga pagkakataong ang akusado ay nagbibigay-paliwanag o konteksto ng pagkakasala nang sa gayon ay maiwasan ang bigat ng nagawa, ito ay maituturing na nasa ilalim ng konseptong hiya. Ipinaliwanag nina PePua at Marcelino (2000) na sa kulturang Pilipino mayroong malakas na hilig sa pagpapahayag ng mga 'di direktang komunikasyon at mga eupemismo – o 'di tuwirang pagpapayahag at pagtago ng direktang mensahe upang maiwasang makasakit ng kapwa.

Sa konteksto Pilipino, hindi ito maituturing na pagsisinungaling o hindi pagsasabi ng katotohanan, bagkus, nilinaw nina Bautista at Aguilar (2023) na ito ay pagpapahayag lamang ng konsepto ng pakikiramdam – isang ibinahaging panloob na pang-unawa at pagiging sensitibo sa damdamin ng iba. Ginagamit umano ng mga Pilipino ang konseptong ito o sa ingles, "feel for another" na estratehiya nang labis na pag-iingat at deliberasyon upang maiwasan ang direktang komprontasyon na maaaring makasakit sa damdamin ng ibang tao. Kaya naman, ang hindi direktang paghingi ng tawad sa Pilipinas ay maaaring isang sopistikadong pagpapakita ng interpersonal na kasanayan sa halip na isang pagtatangka na iwasan ang responsibilidad.

## Sinseridad vs. Pagkumpuni ng Imahe: Mula sa Ibang-tao tungo sa 'Di-Ibang-Tao

Kaugnay ng layunin ng pananaliksik na ito partikular sa paghingi ng tawad ng mga personalidad sa midya, isa pang kritikal na temang dapat buklatin ay ang pagtingin sa tensyon sa pagitan ng tunay na pagsisisi at estratehikong pagkukumpuni ng imahe.

Madalas na ginagamit ng mga personalidad sa social media ang paghingi ng tawad bilang isang kasangkapan para sa pag-aayos o pagkukumpini ng imahe, na naglalayong pagaanin ang nakapipinsalang impluwensya ng isang iskandalo at ibalik ang kanilang kredibilidad sa kanilang madla. Ang mga diskarte tulad ng "Pagpapahayag ng Pag-aalala para sa Madla" ay maaaring tingnan bilang mga taktikal na hakbang upang patatagin ang mga relasyon sa publiko.

Sa ganang ito, higit na mamamalas ang importansya ng paghingi ng tawad partikular sa paniniwala ng mga Pilipino. Higit, naniniwala ang mga Pilipino na ang katapatan o pagsasabi ng katotohanan ay nakatali sa panloob na paniniwala (ang panloob na mundo) (Rilveria, 2024). Iginiit din niya na ang taimtim na paghingi ng tawad ay nangangailangan ng pagbubukas ng loob (pagbubukas ng panloob na sarili) sa biktima.

## Pamantayan sa Regulasyon: Hiya at Amor Propio

Kasama rin sa kulturang Pilipino ang konsepto ng hiya. Bilang kaugnayan sa paghingi ng tawad ng mga Pilipino ito ay mahigpit na kinokontrol ng mga pamantayang panlipunan na nagpapanatili ng pagkakaisa at personal na dignidad.

Sa karagdagan, ang konseptong ito ay madalas na napagkakamalang "nakahihiya", na binaggit nina Oropilla, at Guadana (2021) ay mas tumpak na tinukoy bilang pakiramdam ng pagiging angkop. Dagdag pa nila, ito ay nagsisilbing regulasyong pamantayan kung saan kinakailangan ang paghingi ng tawad sa mga taong apektado kapag nilabag ang mga pamantayang panlipunan. Binigyang-diin nila na ang mga taong hindi nagpapakita ng pagsisisi ay madalas na tinatawag na walang hiya.

Samantalang ang pagnanais namang humingi ng paumanhin ay kadalasang pinasisigla ng pangangailangang maibalik ang dangal ng indibidwal na gumawa ng pagkasala (panloob na dignidad/ karangalan) pagkatapos ng isang pampublikong aktidibad na pagkawala (PePua at Marcelino 2000). Dagdag pa niya sang-ayon kay Salazar (1985b) habang sa mga bansang kanluranin"pag-aayos ng imahe" ay nakatuon sa puri (panlabas na papuri at pisikal na karangalan), ang Pilipinong nagkasala ay kadalasang mas nababahala sa pagbawi ng kanilang panloob na pakiramdam ng kahalagahan (dangal) sa pamamagitan ng pampublikong pagpapakita ng kababaang-loob.

Sa paglalahat, maipagpapalagay na ang pinakalayunin ng paghingi ng tawad sa kontekstong Pilipino ay ang pagpapanumbalik ng kapwa, ang pangunahing halaga ng ibinahaging pagkakakilanlan (Oropilla, at Guadana, 2021).

## Importansya ng Pananaliksik

Bilang paglalahat sa mga nabanggit, ang pananaliksik na ito ay isinakatuparan upang paunlarin ang pragmatikong paggalugad sa

uri ng paghingi ng tawad ng mga personalidad sa social media sa kasalanang kanilang nagawa. Samakatuwid, ang paraan ng paghingi ng tawad ng mga partisipante ay mahalagang masuri upang masiyasat ang kanilang praktikal na estratehiya sa paghingi ng tawad. Ang layunin ng pag-aaral na ito ay maimbestigahan kung ang mga estratehiyang banaggit sa kaugnay na literatura ay mamamalas sa mga personalidad na humihingi ng tawad sa kanilang pagkakasala. Higit pa, susubukan ng pananaliksik na ito na alamin kung ang mga personalidad na nasasangkot sa pagkakasala ay humihingi ng sinserong paumanhin o upang maibsan lamang ang hindi magandang impluwensya ng nagawa at upang maibalik lamang ang positibong imahe sa mga tagapakinig.

## Agwat ng Pananaliksik

Masuri ang paghingi ng tawad na ginawa ng mga personalidad na nagkasala, na lubos na tanyag sa publiko at makapagsagawa ng pananaliksik hinggil sa kondisyon ng pagkalugod na hindi pa gaanong nasasaliksik ang pangunahing tunguhin ng pag-aaral na ito. Ayon kay Yifei (2024), sapagkat mahalaga sa mga personalidad sa midya na makabuo ng makapagkakatiwalaang imahe, gumagamit ang mga ito ng iba't ibang lingguwistikong estratehiya upang makalaya sa krisis ng hindi pagtitiwala, at pagsubok na mapagaan ang pinsalang nagawa at maibalik ang kanilang kredibilidad sa kanilang madla. Binanggit din sa pag-aaral ni Pykäläinen (2024), ang larangan ng paghingi ng tawad sa mga tanyag na tao ay hindi gaanong ginalugad kung ihahambing sa ibang maaaring maging partisipante.

Dagdag pa, bagaman umuusbong na ang pagsusuri sa ganitong uri ng mga paksa, mayroon pa ring kakulangan ng mga saliksik na tumataya sa paghingi ng tawad ng mga Pilipinong personalidad na nakaangkla sa kondisyon ng pagkalugod. Sa partikular, binanggit sa papel nina Pulan at Gildore (2025) ang kahingian nito nang banggiting habang kinikilala ng mga nagdaang pananaliksik ang pampublikong paghingi ng tawad na kadalasang "matinding pinagtatalunan na mga pagtatanghal" kung saan ang katapatan ay pinagsama-samang binuo ng madla, iginiit ni Guo (2025) na hindi nito sistematikong sinusuri kung ang paghingi ng tawad na ito ay nakakatugon sa pagpapahalagang pragmatiko na kinakailangan upang ituring na "wasto" o "matagumpay" ang akto ng pagpapahayag.

Sa pamamagitan ng pagmumungkahi na pag-aralan ang paraan ng paghingi ng tawad sa pamamagitan ng mga kundisyon ng pagkalugod at praktikal na mga estratehiya, matutugunan ay matutugunan ng pananaliksik na ito ang mga espasyo na bihirang galugarin (Pulan at Gildore 2025). Sinusugan pa ito ni Guo (2025) sa kaniyang paniniwalang sa pamamagitan ng pagtukoy kung ang paghingi ng tawad ng isang personalidad ay

hindi lamang isang madiskarteng pagkilos ng pagtatanghal ng sarili, ngunit isang pragmatikong matagumpay na akto ng pagpapahayag na tumutugon sa mga kinakailangang kondisyon para sa pagtubos ng publiko at pagtitiwala.

**Suliranin ng Pananaliksik**

**Ang papel pananaliksik na ito ay naglalayong mabigyang sagot ang mga sumusunod na suliranin:**

1. Ano-ano ang estratehiya ng paghingi ng tawad at uri ng pagtanggi at pag-ako sa responsibilidad ng mga personalidad?
2. Paano natugunan ng mga pahayag ng paghingi ng tawad ang mga kondisyon ng pagkalugod?

## METODOLOHIYA

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng kwalitatibong dulog sapagkat ang pag-aanalisang ginawa sa datos ay nasa paraang palarawan. Ang dulog na ito ay batay sa datos na karamihan ay inihahayag sa paraang deskriptib, pasalita, at opinyon. Ayon kina Meilina at Fauziati (2023), ang dulog na ito ay ginagamit upang makapagsiyasat at makapaglarawan ng mga estratehiya at gamit ng paghingi ng tawad na ipinahayag ng mga personalidad o tanyag na tao sa birtuwal na espasyo. Nakapokus naman ang pag-aaral na ito sa paraan ng tekstwal na pag-aanalisa, ayon kina Abudin at Sundari (2021), ito ay ang paghahati-hati at pagsusuri ng bawat sugnay ng teksto sa antas ng mga katangian ng wika.

**Pangangalap ng Datos**

Ang mga materyal na ginamit sa pag-aaral ay mga pahayag ng kilalang personalidad sa telebisyon na napanuod mula sa birtuwal na espasyo, tulad ng youtube, panayam ng ABS-CBN, at GMA News. Ang mga personalidad na sina (P1) Anthony Jennings, (P2) Maris Racal, (P3) Paolo Contis, at (P4) Skusta Clee ay matatandaang nasangkot sa iskandalo ng pakikiapid na naging mitsa ng hiwalayan ng dating kasintahan, at ang kanilang pahayag ng paghingi ng tawad ang siyang materyal na ginamit ng mananaliksik sa isinagawang pagsusuri. Samakatuwid, ang konteksto ng pag-aaral na ito ay sipi ng mga materyal ng mga personalidad na humihingi ng paumanhin, at ang mga ito ay nagbibigay ng natatanging datos para sa pag-aaral kung paano ng mga ito ginagamit ang wika sa mga ganitong sitwasyon (Collins, 2019; sa (Pykäläinen 2024).

Isinaalang-alang ng mananaliksik ang mga sumusunod na pamantayan sa pagpili ng datos na siyang gabay upang maisama ang 4 na personalidad sa ginawang pananaliksik:

- Malaking Impluwensiya sa Publiko: Ang personalidad ay dapat na isang celebrity, influencer, o media figure na may malaking bilang ng tagahanga.
- Tugon sa Pampublikong Kontrobersya: Ang paghingi ng tawad ay dapat direktang tumugon sa isang partikular na iskandalo o akusasyon na nagtulak sa naging reaksyon ng publiko.

- **Pampublikong Akses ng Materyal:** Ang mga bidyo ay dapat na libre sa pampublikong domain at hindi mula sa mga pribadong sektor.
- **Makabuluhang Pakikipag-ugnayan sa Publiko:** Ang bidyo ay dapat na nakabuo ng mga komento at reaksyon ng madla, na kinakailangan kung nilayon mong suriin ang pananaw ng publiko.
- **Pagkamakatotohanan:** Ibukod ang mga bidyo na labis na na-edit, mali ang representasyon, o binago upang matiyak ang integridad ng data.

**Pag-Aanalisa sa Datos**

Sa gawaing pag-aanalisa, sinundan ng mananaliksik ang mga sumusunod na hakbang: 1) pinanuod at binasa ng mananaliksik ang materyal ng mga personalidad na matatagpuan sa mga espasyong birtuwal, 2) Matapos ito ay isinagawa ng mananaliksik ang transkripsyon sa mga datos na nangangailangan nito, 3) Sunod na sinuri ng mananaliksik ang bahagi ng pahayag ng mga personalidad na nagtataglay ng paghingi ng tawad, ikinategorya ito ayon sa uri at estratehiyang ginamit, at pagsunod nito sa kondisyon ng pagkalugod 4) Sa huli, sinuri at ipinaliwanag ng mananaliksik ang estratehiyang ginamit ng mga personalidad ng paghingi ng tawad, at ang pagtugon nito sa kondiyson ng pagkalugod.

**Etikal na Konsiderasyon ng Pananaliksik**

Sa proseso ng pagsasagawa ng pagsusuri sa mga datos na nakalap sa pananaliksik na ito, binigyang-ingat ng mananaliksik ang pagtiyak sa mga etikal na konsiderasyon upang mapanatili ang pagiging obhektibo, tiyak, at konkreto ang resulta ng pag-aaral. Sa ganag ito, isinagawa ng mananaliksik ang mga sumusunod na aktibidad:

- **Etikal na Paggamit ng Digital Media:** Mahigpit na sumunod sa mga tuntunin ng serbisyo at mga patakaran sa privacy at ang pagiging lehitimo ng mga plataporma kung saan kinokolekta ang data.
- **Halaga sa Lipunan:** Ang pananaliksik ay dapat na naglalayong pahusayin ang pampublikong pag-unawa sa digital na pananagutan at komunikasyon sa krisis sa halip na palakihin lamang ang isang iskandalo.
- **Refleksibiti:** Bilang isang mananaliksik, isinantabi ng mananaliksik ang sariling pananaw bilang “netizen” at mananaliksik sa pagsusuri upang mapanatili ang kritikal at neutral na paninindigan ng pagsusuri.

## Nakalap na Datos

Ayon sa papel ni Benoit (2014), maaaring umanong mapinsala ng mga korporasyon at pulitiko ang pangkalahatang kapakanan sa mga paraan na hindi magagawa ng mga kilalang tao, na nakakaimpluwensya sa laki ng kanilang paglihis at inaasahan para sa paghingi ng tawad ng mga ito. Sa pagsisiyasat na ito, isinama ng mananaliksik ang pagsunod sa 4 na kilalang mga personalidad sa Pilipinas na

nagbigay ng opisyal na pahayag ng paghingi ng tawad na umagaw sa atensyon ng midya at netizens.

Narito ang maiikling mga binyeta hango sa opisyal na pahayag at naratibo ng mga partisipante na siyang magsisilbing konkretong halimbawa ng mga temang lumutang matapos ang isinagawang pagsusuri.

## Partisipante (P1)
## Anthony Jennings

**Binyeta 1** (P1 – Direktang Paghingi ng Tawad at Pagkumpuni sa Imahe)

Sa pamamagitan ng maikli at tuwirang mga pahayag, tinukoy ng Partisipante 1 ang mga taong nasaktan at inulit ang pagbanggit sa mga pahayag na "humihingi ho ako ng tawad" at "sorry po," na nagpapahiwatig ng tahasang pag-ako sa pagkakamali. Ang sentro nang paghingi ng tawad ay mababakasan ng layuning agarang mapanumbalik ng kaayusang panlipunan at pagkumpuni sa nasirang imahe, sa halip na detalyadong elaborasyon ng pananagutan. Ipinamamalas lamang nito ang pagsunod sa pormal na anyo ng paghingi ng tawad, ngunit limitado ang lalim ng pag-ako sa responsibilidad sa nagawang kasalanan.

*"Sa lahat ho ng mga nangyari nung nakaraang araw, sa lahat ho ng mga taong nasaktan ko, especially po si Maris tsaka si Jam, humihingi ho ako ng tawad sa dalawang babae and sa lahat po ng mga nadamay ko rin po. 'Yun lamang po, sorry po ulit," he said.*

Mula sa kaniyang opisyal na pahayag matapos pumutok ang isyu sa relasyon nila ng kasintahang si Jamela Villanueva matapos nitong isiwalat ang mga larawan ng palitan ng mensahe ng aktor at love team nito na si Maris Racal.

**Partisipante (P2)**
**Maris Racal**

**Binyeta 2** (P2 – Halo-halong Pananagutan at 'Di-Tuwirang Pag-ako sa Pagkakasala)

Isinalaysay ni Partisipante 2 ang pagkaranas ng pagkabigla, at matinding kahihiyan kasabay ang pagtanggi sa pamamagitan nang pagbigkas ng "I had no idea," na bahagyang naglalagay ng distansya sa buong pananagutan niya sa nagawa. Ang hating pahayag na naglalahad ng paglitaw ng pag-ako ng pagkakamali at 'di-tuwirang pagbawas ng sala ay nagpapakita ng tensyon sa pagitan ng sinseridad at pangangalaga sa sariling imahe. Ang ganitong diskursong pagkilos ay higit na nilalagay sa komplikado ang kondisyon ng katapatan sa paghingi ng tawad.

*"When I read it, I was gutted, I was shocked. I'm truly embarrassed. Dahil nakita lahat ng tao yun without my consent–– against my will,"*

*"This is my side and I've been reading the screenshots. Dun ko napagtagpi tagpi ang lahat. Kaya pala hindi siya makarelease ng statement dahil sila pa pala this whole entire time. I didn't know. I was in the dark. I had no idea,"*

*"To the public, I am sorry you got to see that very intimate side of me. Ganun talaga ako pag nabigay ng pagmamahal. It was supposed to be private. It was supposed to be a private, intimate thing,"*

*"I'm sad na nakita yun ng tao and yes I don't want to play the victim here. Nagkamali din talaga ako. I want to say sorry to those people I have hurt. I reached out to Jam last November and I didn't get a reply,"* she continued.

*"I'm truly sorry to those people who supported me for 10 years. Alam nila lahat na ginapang ko yung career ko mapunta lang san ko gusto. Ginawa ko lahat, pinaghirapan ko lahat sa tulong nila–– nagagawa ko yung mga gusto ko,"* she shared.

*"I don't know where I'm gonna go. I don't know saan ako pupunta. Yung dignidad ko hindi ko na mahanap. Whenever I go out, whenever I walk I feel like a naked woman walking. I'm so embarrassed and I'm sorry you get to see that,"* she apologized.

*"I can assure you tuloy pa rin ako. Tuloy pa rin ang laban. Magtratrabaho pa rin ako kahit mahirap. Hindi pa rin namamatay yung apoy sa puso ko."*

*"What you saw was not a perfect human. I'm far from being perfect. What you saw was a human being and I really am just a human being,"* she ended her statement.

**Partisipante (P3)**
**Paolo Contis**

**Binyeta 3** (P3 – Tahasang Pag-ako ng Sala, at Moral na Paninindigan)

Tahasang inako ni Partisipante 3 ang pagkakamaling nagawa at hiniling na sa kaniya na lamang ibaling ang poot ng publiko. Umaayon ang ganitong uri ng retorika sa kondisyon ng pagkalugod, partikular sa pag-ako ng responsibilidad at pagsisisi. Gayunman, ang panawagan sa paggalang sa pribadong usapin ay naglilimita sa saklaw ng pampublikong pagkukumpuni ng nasirang relasyon.

*"Sana balang araw makapag-usap kami ng maayos para sa bata. Madami pang kailangan pag-usapan pero sa amin na lang ni LJ 'yun, at sana respetuhin niyo 'yun… To LJ, I'm very sorry. For everything. Sa lahat lahat."*

*"I will work on making myself a better person and learning from this. But for now, please respect our privacy and pray for us. Ngayon kung hindi pa po kayo pagod, please direct all your hate and bashings at me. No one else deserves it, ako lang."* Mula sa kaniyang opisyal na pahayag matapos ang hiwalayan nila ng kaniyang asawang si LJ Reyes.

**Partisipante (P4)**
**Skusta Clee**

**Binyeta 4** (P4 – Paghingi ng Tawad na May Pangangatwiran at Pagpupursigi ng Pagwawakas)

Nagbitiw ng mga salita ng pagsisisi si Partisipante 4, subalit sa kaniyang panayaw ay tumangging ipaliwanag ang kaniyang per-

sonal na dahilan kung bakit nagawa ang pagkakasala, kasabay nito ang panghihikayat niya sa madla na kalimutan na ang nangyari. Ang ganitong uri ng diskurong pagsasara ay gumaganap bilang estratehiyang ginagamit sa pagkukumpuni ng nasirang imahe: partikular ang pagkilala sa pinsalang nagawa, subalit pinananatili ang estratehikong pagkapribado. Bahagya nitong natutugunan ang kondisyon ng pagkalugod, subalit kaakibat nito ang paghina ng persepsyon ng sinseridad dahil sa pangangatuwiran, at limitadong pagtanggap sa pananagutan.

*"Okay, sa mga na-disappoint, sorry, sorry. My bad, sorry, akin. Nagkamali ako, sorry. Pinagsisihan ko naman 'yon, mukha lang talagang hindi kasi kailangan kong mag-move on na din sa buhay."*

*"Sa nanay ng anak ko, siyempre sa anak ko. Lalo sa nanay ng anak ko, nakikita ko na okay na siya ngayon, which is good, mas okay 'yun. Mas masaya pag mas masaya siya. Mas importante 'yun. Ako all goods lang ako. Tuloy lang sa buhay," simulang pahayag ng rapper.*

*Aniya pa, "Though pinagsisihan ko 'yung mga naging consequence, pangit din naman talaga 'yung naging resulta. Tinanggap ko 'yung mga siyempre naging kapalit.*

*"Hindi talaga maganda at hindi ako nagreklamo kasi alam kong ayun naman talaga yung dapat mangyari sakin," dagdag pang paliwanag ng songwriter.*

*"Pero may personal akong dahilan kung bakit ko nagawa 'yun. Kaya bilang respeto na lang din sa nanay ng anak ko, hindi ko na kailangan pang i-explain. Kumbaga respeto na lang din."*

*"Huwag n'yo na siyang stressin, na ime-mention pa 'yung about sa amin kasi nai-stress lang din 'yung isa.*

*"Huwag na. Move on na tayo guys. Move on na tayo sa bagong kabanata ng buhay natin," aniya pa.* Mula sa kaniyang panayam matapos ang hiwalayan nila ng kaniyang kasitahan na si Zeinab Harake.

## RESULTA AT PAGTALAKAY

Sang-ayon sa konsepto na ibinahagi ni Trosborg kaugnay sa iba't ibang estratehiya ng paghingi ng tawad, binanggit ni Jucker (2023), isa sa mga pangunahing gamit ng mga estratehiyang ito ay upang maremedyohan ang posibleng aktong banta sa mukha (face threatening act) ng taong nagsasalita.  Sa pahayag na ito, mababakas ang importansya kung bakit kailangang masuri ang uri ng paghingi ng tawad ng isang nagkasala. Sapagkat, binigyang diin din ni Rieger, (2017) na ang paghingi ng tawad ay isa sa pangunahing akto sa lipunan na naglalayong mapanatili ang maaayos na ugnayan  at ibalik ang ekwilibriyo sa pagitan ng mga indibidwal pagkatapos ng pagkakasala.

Kaugnay nito, mababasa sa iba't ibang sanggunian ang mga estartehiyang ito ni Trosborg partikular ang pagkakaibaiba ng mga ito sa isa't isa. Ayon kay Manurung et. al., (2023), ang mga estratehiyang ito ay binubuo ng walong detalyadong uri na madalas na isinasama sa pag-

susuri ng ganitong uri ng pananaliksik. Binigyang diin naman nina Pramuniati et. al., (2023) na ang pagpili at kumbinasyon ng mga estratehiyang ito ay maaaring depende sa mga salik tulad ng lawak at bigat ng pagkakasala, ang pormalidad ng sitwasyon, at ang antas ng pagkakakilala sa pagitan ng mga taong nasasangkot. Upang tugunan ang unang suliranin ng pananaliksik, gumamit ang mananaliksik ng mga talahanayan upang mas maging organisado ang presentayson ng resulta. Makikita sa **Talahanayan Blg. 1** ang pagsusuri sa estratehiya ginamit ng mga kilalang personalidad sa kanilang paghingi ng tawad.

**Talahanayan Blg. 1**
Pagsusuri sa Estratehiya ng Paghingi ng Tawad

| Estratehiya ng Paghingi ng Tawad | Sipi mula sa Pahayag ng Personalidad |
|---|---|
| **Estratehiya ng Pag-iwas / Pagbabawas ng Pagkakasala** | |
| **Direktang Paghingi ng Tawad / Pagpapahayag ng Paghingi ng Tawad** | *(P1) "Humihingi ho ako ng tawad," "Sorry po ulit."*<br>*(P2) "I'm sorry," "I want to say sorry," etc.*<br>*(P3) "I'm very sorry. For everything."*<br>*(P4) "Sorry, sorry. My bad. Nagkamali ako."* |
| **'Di Direktang Paghingi ng Tawad / 'Di Pagkilala sa Responsibilidad** | (P2) *"It was against my will," "I had no idea."* |
| **Paliwanag o Pananagutan** | *(P1) "Nasaktan ko," "Nadamay ko."*<br>*(P2) "Nagkamali din talaga ako"*<br>*(P3) "No one else deserves it, ako lang."*<br>*"Please direct all your hate... at me."*<br>*(P4) "Nagkamali ako," "Hindi niya deserve..."*<br>*"May personal akong dahilan..."* |
| **Pag-alok ng Pagsasaayos** | |
| **Pagpapahayag ng Malasakit sa Tagapakinig** | *(P1) "Especially po si Maris tsaka si Jam."*<br>*(P2) Mentions to the public, fans, hurt people*<br>*(P3) Concern for LJ, child, and public privacy*<br>*(P4) Mentions to child's mother, request to stop bashing Zeinab* |
| **Pagtanggi** | |
| **Pangako para sa Pagtitiis** | (P2) *"I'm just a human being."*<br>*"My dignity is gone," "I'm embarrassed," "I'm not perfect."*<br>*(P3) "I will work on making myself a better person..."*<br>*(P4) "Tinanggap ko 'yung mga kapalit," "Hindi ako nagreklamo."* |

Matapos suriin ang mga pahayag ng paghingi ng tawad ng mga kilalang personalidad, sang-ayon sa 8 estratehiya ni Trosborg lumutang mga sumusunod na resulta: lima sa mga estratehiya ang palasak na ginamit ng mga personalidad, una ang Direktang Paghingi ng Tawad / Pagpapahayag ng Paghingi ng Tawad na namalas sa lahat ng personalidad, gayundin ang Paliwanag o Pananagutan, at Pagpapahayag ng Malasakit sa Tagapakinig, samantalang ang mga Partisipante 2 at 3 naman ay gumamit pa ng Pangako para sa Pagtitiis, at ang Partisipante 2 lamang ang gumamit ng 'Di Direktang Paghingi ng Tawad / 'Di Pagkilala sa Responsibilidad.

Ang mga pahayag ng mga personalidad tulad ng *(P1) "Humihingi ho ako ng tawad," "Sorry po ulit.", (P2) "I'm sorry," "I want to say sorry," etc., (P3)"I'm very sorry. For everything.", at (P4)"Sorry, sorry. My bad. Nagkamali ako."*ay maituturing na uri ng estratehiyang Direktang Paghingi ng Tawad / Pagpapahayag ng Paghingi ng Tawad, dahil ayon sa papel nina Apostolovska at Neshkovska (2023) ito ay halimbawa ng pagpapamalas na ang mga pahayag na ito ay tuwirang pagkuha ng responsibilidad ng nagkasala sa maling pagkilos na kaniyang isinagawa sa ibang tao. Dagdag pa, ang direktang pagbanggit ng mga salitang "sorry", pag-amin sa pagkakasala ay mababakasan ng tahasan o direktang paghingi ng kapatawaran (Nurhikmawati at Puspitasari, 2018). Ayon pa sa papel Saragih et. al., (2023) tingnan anilang maigi ang eksplisitong pagpapahayag ng kakulangan sa sarili, o hindi naman kaya ay pagtanggap ng kamalian. Dagdag pa niya, ang antas ng pagbunton ng sisi sa sarili o intensidad nito ay maaari umanong mag-iba. Ang mga humihingi ng tawad ay madalas na naglalagay ng karagdagang responsibilidad sa kanilang sarili, at ang layunin ay madalas na tulungan ang nakikinig (Saragih et. al., 2023). Ito ay tumutugma rin sa binanggit nina Nurhikmawati at Puspitasari, (2018) na ang paghingi ng paumanhin ng mga nagkasala ay nauugnayan ng pagpapahayag ng kawalan ng layuning magdulot ng pinsala.

Namalas din sa resulta mula sa Talahanayan Blg. 1 na gumamit ang Partisipante 2 ng estratehiyang 'Di Direktang Paghingi ng Tawad / 'Di Pagkilala. Ayon kina Apostolovska at Neshkovska (2023) kasama umano sa estratehiyang ito ang pagsubok ng tagapagsalita na bawasan ang kalubhaan ng pagkakasalang kaniyang nagawa. Dagdag pa, binanggit din na sa paggamit ng estratehiya na ito, maihahalintulad umano ang pagkilos sa pagtanggi sa pananagutan, ngunit ang kaibahan lamang ay hindi tuwirang itinatanggi ng tagapagsalita ang kasalanang kaniyang nagawa sa pagpapahayag ng paunamhin, bagkus ay sinusubukan nitong pababain ang antas ng laki ng pagkakasalang nagawa. Binanggit nina Reza at Mujazin (2024) na ang pangunahing ayunin ng paggamit nito ay upang mabawasan at mapagaan ang pagkakasala o

epekto ng maling aksyong ginawa.

Sa pagpapahayag ng paghingi ng tawad ni Partisipante 2, binanggit niya ang pahayag na *"It was against my will," "I had no idea."*, mababakas sa pahayag na ito ang kagustuhan ng tagapagsalita na sa ilang punto ay maituturing siyang inosente sa nangyari, at may mga pangyayari na labas umano sa kaniyang kagustuhan, at ang layunin ng mga ganitong uri ng pahayag ay upang mabawasan ang epekto ng pagiging lubha ng pagkakasalang nagawa (Nurhikmawati at Puspitasari 2018).

Binanggit din na isa sa mga estratehiya ng paghingi ng tawad ay ang pagpapaliwanag ng nagkasala o tagapagsalita kaugnay sa kaniya o kanilang pananagutan sa nagawang sala. Sa papel ni Uoti (2022) binanggit niya na ang mga humihingi ng paumanhin ay nagbibigay umano ng mga rason o konteksto kung bakit sila nakagawa ng pagkakasala. Itinuturing naman ni Manurung et. al., (2023) na ang pagsasagawa ng ganitong uri ng estratehiya ay isang paraan upang mapagaan ang pagkakasala ng may kasalanan o hindi naman kaya ay upang ipaliwanag sa nakikinig kung ano ang buong sitwasyon ng pangyayari. Ayon kina Pramuniati et. al., (2023), maaaring ang pagpapaliwanag ay gawin sa pamamagitan ng explisito at implisitong pagpapahayag. Bilang karagdagan, maaari umanong subukan ng nagkasala na pagaanin ang kinikilalang kasalanan (excuse) o kahit na iwasan ang pagkilala sa pagkakamali nang buo (katwiran), kung saan ang pagbibigay-katwiran ay kinabibilangan ng paggawa ng mga dahilan upang kumbinsihin ang ibang tao na hindi sila dapat sisihin (Sagarih et. al., 2023).

Sa isinagawang pagsusuri, ang mga sumusunod na pahayag ay maikakategorya sa Paliwanag o Pananagutan, bagaman hindi tuwing nagpahayag ng malalim at malawak na paliwanag ang mga tagapagsalita sa kanilang pahayag, mababakas ang pagtanggap ng mga personalidad ng kanilang pagkakamali at kagustuhan ibunton na lamang sa kanilang ang pagkakamali na nagawa. Ilan sa mga pahayag na naitala ay *(P1) "Nasaktan ko," "Nadamay ko.", (P2)"Nagkamali din talaga ako", (P3) "No one else deserves it, ako lang. Please direct all your hate... at me.", at (P4)"Nagkamali ako," "Hindi niya deserve… May personal akong dahilan…".* Ayon kay Murphy (2015) matutukoy ang estratehiyang ito sa pamamagitan ng pagtingin sa mga pahayag na nag-aalok ng kung ano ang nangyari bago ang pagkakasala, o hindi naman kaya ay mga dahilan, o mga katwiran para sa aksyon. Samantalang ayon naman kina Sagarih et. al., (2023) kabilang sa estratehiyang ito ang pagbibigay ng mga rason, o mga sanhi ng pagkakaugnay o pagsasalaysay ng paglalarawan ng mga kaganapan na humahantong sa pagkakasala.

Maliban sa mga ito, natukoy din ng mananaliksik ang estratehiyang ginamit ng mga personalidad na nagpapahayag ng kanilang

malasakit para sa mga takapakinig. Ayon kina Apostolovska at Neshkovska (2023) ang estratehiyang ito ay nagpapahayag ng simpatya o malasakit sa tagapankinig o pag-aalala tungkol sa sitwasyon ng taong nasaktan. Dagdag naman nina Pramuniati et. al., (2023), ito ay tahasang pagsisikap ng tagapagsalita na paginhawahin ang nararamdaman ng taong nasangkot sa kaniyang nagawang kasalanan. At binigyang tuon naman nina Saragih et. al., (2023) na ang pangunahing isinasaalang-alang ng nagsasalita sa pagpapahayag nito ay ang damdamin ng nakikinig sa kaniya. Sa sinuring mga datos, lumutang ang mga sumusunod na pahayag na nagmamalasakit sa tagapakinig tulad ng *(P1) "Especially po si Maris tsaka si Jam.", (P2) Mentions to the public, fans, hurt people…", (P3) Concern for LJ, child, and public privacy…", at (P4) Mentions to child's mother, request to stop bashing Zeinab.*

Ang huling estratehiyang natukoy ng mananaliksik ay ang pagpapahayag ng Partisipante 2 at 3 ng Pangako para sa Pagtitiis. Ayon kay Pramuniati et. al., (2023), ang estratehiyang ito ay nagpapahayag ng pangako ang tagapagsalita na pigilan ang pagkakasala na muling mangyari sa hinaharap. Dagdag paniya, nalalapat ito sa mga potensyal na aksyon na maaaring magawa ng tagapagsalita sa hinaharap. Ang mga pahayag nina *(P2) "I'm just a human being…My dignity is gone," "I'm embarrassed," "I'm not perfect..." at (P3) "I will work on making myself a better person…"* ay nagpapahayag ng bagaman ay hindi eksplisitong pagbibigay ng mga pangako o pagtitiyak na hindi na mauulit ang pag-uugali, mababanaag ang pagsisisi ng mga tagapagsalita sa kanilang nagawa (Uoti, 2022).

**Talahanayan Blg. 2**
Pagsusuri sa Uri ng Pagtanggi sa Responsibilidad ng Pag-ako

| Anyo ng Pagtanggi | Sipi mula sa Pahayag ng Personalidad |
|---|---|
| 1. Tahasang pagtanggi sa pananagutan | |
| 2. 'Di tahasang pagtanggi sa responsibilidad | (P2) "What you saw was a human being..."<br>(P4) "Mukha lang talagang hindi [ko pinagsisihan] kasi kailangan kong mag-move on na din sa buhay." |
| 3. Pangangatuwiran | (P2) "It was supposed to be private."<br>(P4) "Pero may personal akong dahilan kung bakit ko nagawa 'yun... hindi ko na kailangan pang i-explain." |
| 4. Paninisi sa ibang tao | (P2) *"...without my consent— against my will." "Kaya pala hindi siya makarelease ng statement dahil sila pa pala this whole entire time."* |
| 5. Pag-atake sa nagrereklamo | |

Matapos ang pagsusuri natuklasan na walang nakuhang datos mula pahayag ng paghingi ng tawad ng **Partisipante 1** na nagpapahayag ng kaniyang pagtanggi sa responsibilidad at pag-ako sa kasalanan na kaniyang nagawa. Ayon kay Trosborg (1995), ang pahayag ng paghingi ng tawad na hindi umano gumagamit o kakikitaan ng alinman sa limang anyo ng pagtanggi sa responsibilidad, ay nangangahulugan lamang na ang tagapagsalita ay may malinaw na pag-ako sa kasalanang kaniyang nagawa. Dagdag pa, pinagtibay din ang paniniwalang ito sa pahayag ng **Partisipante 1** nang banggitin nito ang pagkilala sa kasalanang nagawa, pagtukoy nito sa mga taong nasaktan, at direktang humingi ng tawad sa mga ito. Samakatuwid, ang pahayag na ng **Partisipante 1** ay maituturing na responsable at tapat, na kung saan ang tagapagsalita ay hindi lumilihis o umiiwas sa pananagutan.

Samantalang ang **Partisipante 2** naman, bagaman hindi nagpahayag nang tahasang pagtanggi sa pananagutan ng kasalanang nagawa, may bahagi sa kaniyang pahayag na pagpapakita ng pangangatuwiran at banayad na pagtutok ng kasalanan sa ibang tao o paninisi sa iba. Ang pagsasagawa ng ganitong uri ng diskarte ay bahagi umano ng tinatawag na estratehiya sa pagtakas sa responsibilidad sa pagkakasalang nagawa na ipinaliwanag ni Trosborg (1995). Aniya pa, kahit na pa mayroong pag-ako sa kasalanang nagawa, kaakibat din umano nito ang paglalahad ng paliwanag na may kaugnayan sa emosyonal na lente na nagsisilbing proteksyon ng nagkasala mula sa buong bigat ng kasalanang kaniyang nagawa.

Sa paraan naman ng paghingi ng tawad ng **Partisipante 3**, ang tagapagsalita ay hindi nagpakita ng kahit na anong anyo o uri ng pagtanggi sa responsibilidad sa pagkakasala. Ayon kay Trosborg (1995), ang ganitong uri ng pahayag ay isang halimbawa umano ng pagpapahayag ng buong-pusong pag-ako sa pagkakasala. Binigyang diin niya niya na ang estratehiyang ito ay kinalalakipan ng mga sumusunod na salik, paghingi ng tawad, pag-ako ng buong sisi, pagpapakumbaba sa harap ng publiko, at pagnanais na magbago at matuto na namalas sa pahayag ng tagapagsalita. Sa pagsusuri sa pahayag ng **Partisipante 3**, ang paghingi niya ng tawad ay nagpapahayag ng pagiging mapagkumbaba, pag-ako sa pagkakasala, at pagigiing responsible rito. Binanggit ni Trosborg (1995) na ito umano ay isang halimbawa ng matapat at sinserong paghingi ng tawad sa konteksto ng interpersonal na salungatan sa pampublikong pagsisiyasat.

Ang huli ay ang pahayag ng **Partisipante 4,** na mababakasan ng pangangatuwiran at banayad na pagpasa ng bigat ng kasalanan sa publiko sa pamamagitan ng pagpapahayag ng pag-aalala sa taong nagawan ng pagkakasala, subalit ipinaliwanag ni Trosborg (1995) na ang aktong ito ay isang estratehiya lamang upang protek-

tahan ang sariling imahe mula sa kritisimo ng publiko, habang bahagyang inaamin ang pagkakasala sa mas mababaw na antas. Ayon kay Trosborg (1995), ang ganitong uri ng pahayag ay hindi ganap na umaako sa responsibilidad, kundi isang estratehiya umano ng paghingi ng tawad at paggamit ng mga estartehiya ng pagtanggi

Sa huli, maipagpapalagay ang importansya ng pagsusuri sa paraan kung paanong ang tagapagsalita o nagkasala ay tumatanggi sa pag-ako ng responsibilid sa nagawang pagkakasala. Ayon sa papel ni Choi at Marie (2022), ang pagtanggap umano ng mga paliwanag ng nagkasala sa kaniyang nagawa, tahasan umanong tinatanggap ng mga tagapakinig ang mga salik ng pagkilala nito sa responsibilidad at pinapayagan nito na gawing kasangkapan ang paliwanag ng akusado upang mapagaan ang kaniyang nagawa at ang mga tungkulin niya para rito.

Sa Talahanayan Blg 3. naman makikita ang naging resulta ng pagsusuri ng mananaliksik sa pahayag ng mga personalidad partikular ang kaugnayan nito sa mga kondisyon ng pagkalugod. Sa papel nina Norrick at Cornelia (2018) binigyang diin nila na mahalaga ang mga detalye ng konteksto na tumutukoy kung naging matagumpay ba ang tagapagsalita at angkop ba nitong naisagawa ang isang akto ng pagsasalita, na tinukoy niya bilang Kondisyon ng Pagkalugod **(Felicity conditions)**. Binanggit din sa naunang sanggunian na ang konseptong ito ay mula sa idea ni Austin na pinaunlad naman ni Searle upang mabuo ang kaniyang teorya hinggil sa akto ng pagpapahayag (Speech Act) (Acheoah et. al., 2015). Samantalang binigyang diin naman ni Le Huu (2023) na ang taksonomiya ng akto ng pagpapahayag ay nakabatay sa mga pangunahing katangian tulad ng **illocutionary point, direction of fit** sa pagitan ng wika at ng mundo, at higit ang kondisyon ng katapatan.

Inihayag nina Smith at Smith (2003), na sa balangkas na ito, upang maituring na kalugodlugod ang isang pahayag, kinakailangan nitong makasunod sa ilang mga kondisyon.

**Talahanayan Blg. 3**
Pagtugon sa Kondisyon ng Pagkalugod

| **Kondisyon ng Paghahanda** | |
|---|---|
| **Pahayag ng Personalidad** | Pagtugon sa Kondisyon |
| *(P1) "...sa lahat ho ng mga taong nasaktan ko..."* | ✓ |
| *(P2) "I want to say sorry to those people I have hurt." "To the public, I am sorry you got to see that very intimate side of me."* | ✓ |
| *(P3) "To LJ, I'm very sorry. For everything." "I will work on making myself a better person and learning from this."* | ✓ |
| *(P4) "Nagkamali ako, sorry." at "Pinagsisihan ko naman 'yon."* | ✓ |

Ang unang kondisyon ay ang Kondisyon ng Paghahanda, tinukot ni Le Huu (2023) na ito ay mga detalye ng konteksto o sitwasyon na dapat umiral para maging angkop ang akto ng pagpapahayag.

At upang matugunan ng isang pahayag ang unang kondisyon, partikular sa paghingi ng tawad, binigyang diin ni Fareh et. al., (2023) na dapat ay mabakas dito ang pagkilala ng tagapagsalita o nagkasala na siya ay nakagawa ng kasalanan na nangangailangan ng paghingu ng tawad. Sa datos, bakas ang mga pahayag ng pagtanggap ng mga personalidad sa katotohanan na sila ay nagkasala, o may nagawang pagkakasala sa taong pinatutungkulan.

**Nilalaman ng Proposisyon**

| Pahayag ng Personalidad | Pagtugon sa Kondisyon |
|---|---|
| *(P1) "...nung nakaraang araw... sa lahat ho ng mga taong nasaktan ko..."* | ✓ |
| *(P2) "It was supposed to be private... I'm sorry you got to see that side of me." "Nagkamali din talaga ako."* | ✓ |
| *(P3) "I'm very sorry. For everything. Sa lahat lahat."* | ✓ |
| *(P4) Tumukoy sa mga hindi tiyak na aksyon na "nag-disappoint" at kinikilala ang "mga consequence". Gayunpaman, binanggit din ang "personal na dahilan", na parang paliwanag.* | ✓ |

Ang sunod na isinasaalang-alang na kondisyon sa pagkalugod ay ang nilalaman ng proposisyon na sinabi ng tagapagsalita o nagkasala. Ayon kina Norrick, Ilie (2018), tinukoy ng kondisyong ito ang nilalaman ng akto ng pagpapahayag. Nilinaw rin niya na Para sa akto ng paghingi ng tawad, ang nilalaman ng proposisyon ay dapat na nauugnay sa ilang nakaraang kilos na ginawa ng tagapagsalita. Ito ay mababanaag sa mga pahayag ng mga personalidad na tumutukoy sa nagdaang aksyon na may kinalaman sa pagkakasala na kanilang nagawa at inihihingi ng kapatawan. Halimbawa ay ang pagbanggit ni Partisipante 1 ng salitang "nung nakaraang araw" tumutukoy kung kailan nangyari ang insedente, gayundin ang paggamit ni Partisipante 3 ng salitang "everything" na pumapatungkol sa lahat ng kaniyang nagawa sa nakalipas.

**Kondisyon ng Katapatan**

| Pahayag ng Personalidad | Pagtugon sa Kondisyon |
|---|---|
| *(P1) "humihingi ho ako ng tawad..." "sorry po ulit."* | ✓ |
| *(P2) "I'm truly embarrassed." "I'm so embarrassed and I'm sorry you get to see that." "I feel like a naked woman walking." "Nagkamali din talaga ako."* | ✓ |
| *(P3) "I'm very sorry. For everything." "I will work on making myself a better person." "No one else deserves it, ako lang."* | ✓ |

Maliban sa nilalaman ng proposisyon, imperatibo rin na matukoy at masuri ang kondisyon ng katapatan sa pahayag higit kung ito ay sa uri ng paghingi ng kapatawaran. Ang ikatlong kondisyong ito ay nangangailangan ng pagkakaroon ng isang partikular na sikolohikal na estado ng tagapagsalita (Le Huu 2023). Samantalang binigyang diin naman nina Ekoro at Gunn (2022) na upang maituring ang pahayag ng paghingi ng tawad bilang isang uri ng akto ng pagpapahayag nangangailangang ito ng kondisyon ng katapatan kung saan ang tagapagsalita ay taos pusong humihingi ng paumanhin hinggil sa pagkakasala na kaniyang nagawa sa nakaraan. Ang mga pahayag ng **Partisipante 1, 2** at **3** ay nagpapakita ng kanilang sinserong paghingi ng paumanhin sa kanilang nagawa, katulad ng dalawang ulit na pagbanggit ni **Partisipante 1** sa salitang patawad sa dalawang magkaibang wika. At katulad ng pag-ako ni **Partisipante 3** sa kaniyang pagkakamali at pagkabakas ng kahihiyan sa sarili dahil sa kaniyang nagawa.

**Mahalagang Kondisyon**

| Pahayag ng Personalidad | Pagtugon sa Kondisyon |
|---|---|
| *(P1) "Humihingi ho ako ng tawad..."* | ✓ |
| *(P2) "I want to say sorry..." "I'm truly sorry..." "I'm sorry you get to see that..."* | ✓ |
| *(P3) "To LJ, I'm very sorry."* | ✓ |
| *(P4) May tahasang paggamit ng "sorry," "nagkamali ako," kaya malinaw na layunin niyang humingi ng tawad sa publiko.* | ✓ |

Ang ikaapat at ang huling kondisyon ay tinukoy bilang mahalagang kondisyon sa isang pahayag higit sa paghingi ng tawad. Ayon kina Norrick at Ilie (2018) ang kondisyon umanong ito ay nagsasaad na ang pagbigkas ay itinuturing bilang pagsasagawa ng akto ng pagpapahayag. Aniya pa, para sa isang nagkasala na humihingi ng tawad, ang mahalagang kondisyon ay ang akto ng pagpapahayag na nagpapahayag ng damdamin ng pagsisisi o kinikilala ang pananagutan para sa pinsala o pagkakamaling nagawa. Subalit nagpaalala sina Fareh et. al., (2023) na ang pagbigkas umano ay dapat na mabisang naghahatid ng pagkilala at panghihinayang.

## Mga Temang Umusbong: Estratehiyang Magkakaugnay

Matapos ang masinsinang pagsusuri sa mga datos, lumutang ang ilang mga estratehiyang magkakaugnay partikular sa paraan ng paghingi ng tawad ng mga Pilipinong personalidad na ipinahayag sa birtuwal na espasyo.

Isa sa mga dominanteng pardon na natuklasan sa apat na partisipante ng pananaliksik ay ang sabay na paglitaw ng mga direktang paghingi ng tawad (IFID), pagpapaliwanag/pagtanggap sa pagkakamali at responsibilidad,

at ang kanilang pag-aalala sa mga tagapakinig at pinatutungkulan ng mensahe. Sa papel nina Pramuniati et. al., (2023), ipinahihiwatig nito ang direktang paghingi ng paumanhin ay bihirang ginagamit sa paghihiwalay; ito ay halos palaging ipinares sa isang kontekstwalisasyon na dahilan at isang sentimental na apela sa biktima o sa publiko upang ibalik ang panlipunang ekwilibriyo.

**Pananagutan vs. Pardon ng Depensa**

Sa pagsusuri ng datos nina **Partisipante 1 at Partisipante 3**, nabanaag na ang mga personalidad na ito ay nagpahayag ng tuwirang paghingi ng tawad nang walang pagbanggit ng anumang estratehiya na tumatanggi sa kanilang nagawa. Sa teorya ni Trosborg (1995), ang pardong ito ng mga partisipante ay nakatuon sa pagpapahayag ng pagsisi sa sarili kung saan tinatanggap nila ang buong responsibilidad na tulungan ang nakikinig na mapagaan ang kanilang pakiramdam.

Samantalang, kabaliktaran naman nito ang paghingi ng tawad na ipinahayag ng **Partisipante 2 at 4,** kung saan sabay na lumutang ang direktang paghingi ng tawad subalit naroon pa rin ang idea ng pangangatuwiran at paninisi sa ibang taon. Halimbawa, umamin si **Partisipante 3** ng kasalanan ngunit sabay-sabay na gumamit ng "Di-tuwirang Paghingi ng Tawad" sa pamamagitan ng pagsasabing ang kaganapan ay " against my will ". Gyaundin, inamin ni P4 na siya ay mali ngunit ipinares ito sa " personal reasons " na tumanggi siyang ipaliwanag, na nagsisilbing isang defensive shield para sa kanyang imahe.

Natukoy naman na tanging sina **Partisipante 2 at Partisipante 3** lamang ang naglapat ng kanilang pangako ng pagtitiis kasama ang paunang paghingi nila ng tawad. Ang ganitong pardon ay sabay na itinuturing na mataas na antas ng pagpapakumbaba (Pramuniati et al., 2023). At ang pagnanais umano na "magtrabaho sa pagiging isang mas mabuting tao," na lubos na pinahahalagahan sa kulturang Pilipino.

**Pahiwatig ng Pagtanggap ng Madla at Pakikipag-ugnayan**

Natuklasan ng papel napapaliksik na ito na ang paghingi ng tawad ng mga personalidad ay maituturing na "contested performances" na nagaganap sa loob ng birtuwal na espasyo, partikular ng social media, kung saan ang reaksyon ng madla ay isang mahalagang bahagi ng tagumpay ng paghingi ng tawad.

Nagresulta sa higit na ingay at interes ng publiko ang paghingi ng tawad ng mga personalidad na higit na nagtulak sa mga tagapakinig na makuha ang antabayanan ang kaganapan sa pagitan ng mga kalahok na personalidad. Nangangahulugan lamang ito na ang pampublikong plataporma na ginamit ng mga personalidad ay nagtagumpay na gamitin ang mga platapormang ito upang hindi lamang ipaabot ang mensahe sa taong nagawan ng pagkasala, bagkus ay ipaalam sa publiko ang nilalaman ng kaniyang mensahe.

Sa bahaging ito rin nagkakaroon ng desisyon ang madla kung tatanggapin o hindi ang paghingi ng tawad ng mga personalidad sang-ayon sa katapatan ng paghingi ng tawad na maaaring humantong sa pampublikong pagpapatawad at pagbalik sa reputasyon ng personalidad (Sandlin & Gracyalny, 2018; sa Yifei, 2024). Sa kabaligtaran, ang "labis na" pag-uulit ng salitang "paumanhin" ay maaaring maisip ng madla bilang isang kontradiksyon ng tunay na katapatan.

Nariyan din ang pamamahala ni **Partisipante 3** sa backlash na tinanggap mula sa publiko dahil sa kaniyang ginawa, tahasan niyang binanggit ang pagtanggap sa mali at paghilig sa publiko na "direct all your hate and bashings at me" na maituturing bilang pamahalaan ang pinsala na kaniyang nagawa. Katulad nito, kinilala rin ni **Partisipante 4** ang "consequences" at "negative results" ng kanyang mga aksyon at nararapat, na nagpapakita ng kamalayan sa moral na paghatol ng madla.

**Limitasyon ng Pagsusuring tuon sa Wika**

Habang ang papel ay gumagamit ng isang pragmatiko at tekstuwal na pag-aanalisang diskarte, kinikilala nito na ang hindi nakukuha ng wika lamang ang kabuoan ng isang komplikado at matagumpay na pagpapahayag ng paghingi ng tawad.

May puwang pa rin sa pagitan ng pagsusuri ng datos at katuparan ng kondisyon ng pagkalugod, dahil maaari nga na natugunan ng mga partisipante ang lahat ng aspekto nito, subalit ayon kina Norrick at Ellie (2018) ay maaari pa rin umano itong maging kuwestiyonable sa mga tagabasa at tagapakinig. Dagdag pa ni Le Huu (2023 ) maaaring kumpirmahin ng pagsusuri sa wika kung ang paghingi ng tawad ay "pragmatikong matagumpay," ngunit maaaring hindi nito ganap na isinasaalang-alang ang panloob na "sikolohikal na estado" ng nagsasalita.

Karagdagan pa, ang pagiging epektibo ng paghingi ng tawad ay labis na nakakaimpluwensiya sa mga di-berbal na mga pahiwatig at ang konteksto ng pagpapahayag, na maaaring mabaliwala ng isang mahigpit na pagsusuri sa wika (Jucker, 2023). Halimbawa, inilarawan ni Partisipante 2 ang pakiramdam na *"like a naked woman walking,"* isang metaporikal na pagpapahayag ng kahihiyan na nagdadala ng emosyonal na bigat sa kabila ng literal na teksto.

Huli, ang pagkalugod o tagumpay ng paghingi ng tawad ay isang *"sabay na lumulutang"* sa pagitan ng nagsasalita at ng nakikinig (Abudin, at Sundari, 2021). . Kahit na gumamit ang tagapagsalita ng mga tamang estratehiya, ang katangian ng "kalugud-lugod" ng paghingi ng tawad ay nakasalalay sa kahandaan ng madla na tanggapin ang mga ibinigay na paliwanag bilang wasto (Norrick & Ilie, 2018).

Matapos ang pagsusuri sa mga naipresentang datos, natuklasan na ang mga personalidad

ay nagpamalas ng mga pahayag ng paghingi ng tawad na tumutugon at sumusunod sa mga kondisyon ng pagkalugod. Nilinaw nina Norrick at Ilie (2018) na ang pagtukoy sa isang kalugod-lugod na paghingi ng tawad ay nangangahulugan ding pagtatasa sa kung paano ito binigkas, sa konteksto, ay matagumpay na naipararating ng mga tagapagsalita ang kanilang pagkilala sa pagkakamali, at sila ay tumatanggap ng ilang antas ng pananagutan, at/o nalulungkot dahil sa nagawa. Binanggit din nina Fareh et. al., (2023) na mababakas sa mga pahayag ng mga taong ito ang pag-aalis ng pagkilala o pagpapahayag ng pagsisisi na kung saan higit na binibigyang-tuon at pinalulutang kaysa emosyon o damdamin ng kasiyahan. Sa kabuuan, binigyang diin nina Fareh et. al., (2023) na ang paghingi ng tawad na binubuo lamang ng pangangatuwiran at hindi nagpapahayag ng panghihinayang o pagkilala sa responsibilidad ay maaaring hindi matugunan ang mga kondisyon ng kaligayahan para sa isang "tunay na paghingi ng tawad" . Aniya pa, ang pagbibigay-katuwiran lamang ay mababa ang ranggo sa antas ng kagandahang-asal at maaaring magpakita ng kawalan ng interes.

## KONKLUSYON

Matapos naging pagtalakay sa naging resulta ng pagsusuri sa mga pahayag ng paghingi ng tawad ng mga personalidad na isinagawa sa birtuwal na espasyo, maipalalagay na ang mga ito ay gumamit ng iba't ibang estratehiya sa paglalahad ng paumangin. Sa partikular, natukoy na ang **Partisipante 1** ay humingi ng tawad sa pamamagitan ng tatlong pangunahing estratehiya sang-ayon sa balangkas ni Trosborg. Ang mga estratehiyang ito ay natukoy bilang tahasang paghingi ng tawad, pagkilala sa responsibilidad, at pagmamalasakit sa nakikinig. Bagama't hindi ito nag-alok ng pagkukumpuni o pangako para sa pagtitiis, naghahatid ito ng katapatan at pananagutan sa pamamagitan ng pagiging direkta at personalisasyon ng paumanhing ipinahayag. Natuklasan naman na ang paghingi ng tawad ng **Partisipante 4** ay nagpapakita ng mataas na antas ng pakikipag-uganayan sa kapwa at pagtanggap sa pananagutan ng kaniyang nagawa, bagaman hindi ito nagpahayag ng kahit na anong diskarte na nakatuon sa pagkilos tulad halimbawa ng pagkukumpuni sa nagawa at pangako ng pagtitiis. Kaiba nito, maituturing naman na madamdamin, direkta, at personal ang paumanhin na isinagawa ng **Partisipante 3,** maituturing na epektibo ang pagpapahayag nito ng pahgingi ng tawad dahil sa pagpapakita ng mga estratehiya tulad ng pananaguta pananagutan at pagsisisi, lalo na sa konteksto ng kulturang Pilipino na nagpapahalaga sa pagpapakumbaba, paggalang, at emosyonal na katapatan.

Samantalang ang pahayag ng **Partisipante 4** ay mababakasan naman ng kombinasyon ng katapatan o sinseredad at per-

sonal na pag-alis ng emosyonal na ugnayan. Ang tagapagsalita ay gumamit ng ilang mga pangunahing estratehiya sa paghingi ng tawad tulad ng tahasang paghingi ng tawad, pagkilala sa responsibilidad, pagmamalasakit sa iba, at sisihin sa sarili—subalit iniwasan nito ang mga diskarte sa pagkukumpuni at pagtitiis. Maliban pa rito, ang tono ng pagpapahayag ay nagpapahiwatig ng pagnanais na magkaroon ng pagtatapos, hindi pagkakasundo, na ginagawa itong depensa ngunit may pananagutan na paghingi ng tawad.

Kaugnay ng mga estratehiya na ginamit ng mga personalidad sa kanilang paghingi ng paumanhin ay sinuri rin ng mananaliksik kung ang mga pahayag na ito ay sumunod sa mga kondisyon ng pagkalugod. Una, binanggit na ang mga kondisyong kinakailangang matugunan ay kinabibilangan ng pahahanda, nilalaman, katapatan, at kahalagahan na tumatayo bilang mahahalagang salik upang maging matagumpay ang pagganap sa akto ng pagpapahayag tulad ng paghingi ng tawad. Sa isinagawang pagsusuri, natuklasan ng mananaliksik na ang mga tagapagsalita ay naglagay ng mga estratehiya tulad ng direktang pagpapahayag, at pag-ako sa kasalanan na kanilang nagawa.

Bagaman maituturing na ang mga pahayag ng tagapagsalita ay tumutugon sa kondisyon ng pagkalugod, nagpaalala si Jucker (2023) na maaari ring isaalang-alang ang usapin hinggil sa katapatan, sinseredad, at mahahalagang kondisyon, ang papel na ginagampanan ng ‘di direktang pahayag, at ang impluwensya ng konteksto, maging ang paggamit ng ‘di berbal na mga pahayag, at anuman ekspilisitong komentaryo ng mga partisipante hinggil sa kung gaano kaepektibo ang paghingi ng tawad ng isang nagkasala.

Mababakas din ang ugnayan ng ginamit na estratehiya ng tagapagsalita sa pagbibigay nito ng pangangatuwiran sa kasalanang nagawa upang maipaliwanag ang pagkakamali at pamahalaan ang responsibilidad. Nagbigay ng paalala si Jucker (2023) na ang pagpapaliwanag ng mga personalidad sa pagkakasala at isang paraan upang pamahalaan ang responsibilidad ng mga ito sa nagawan ng kamalian, at kadalasan ay nilalayon ng mga ito na mabawasan ang banta sa sariling mukha o mag-alok ng ‘di derektang paumanhin. Natuklasan din na ang mga tagapagsalita ay nagpahayag ng kanilang pagtanggap sa pagkakasala na kanilang nagawa at hindi pagtanggi sa pag-ako nito.

Kaugnay nito, binanggit nina Norrick at Ilie (2018), na ang pagtanggap sa paumanhin ng mga nagkasalang ito ay pagtanggap na rin sa kaangkupan nito, na nakatutulong sa ‘di derektang estratehiya upang tugunan ang mga kondisyon ng pagkalugod at matagumpay na masolusyonan ang siwasyon (Jucker, 2023). Dagdag pa ni Norrick at Ilie (2018), bagaman hindi lamang ang pag-ako sa responsibilidad ang tanging salik upang maituring ang isang pahayag bil-

ang kalugod-lugod, ang pagtanggap nito ng mga tagapakinig ay may posibilidad na gumawa ng 'di direktang paghingi ng tawad na nakalulugod para sa kanila.

Sa konsidirasyon ng mga resulta, inirerekomenda ng pananaliksik na ito na para sa mga personalidad ang epektibong paghingi ng tawad ay dapat na lumampas sa pagkukumpuni lamang ng imahe at tuparin ang mga partikular na pragmatikong kundisyon upang ituring na "kalugod-lugod". Dapat ding isaalang-alang ng mga personalidad ang pag-iingat sa labis na pag-asa sa pangangatuwiran at paninisi ng iba, dahil ang mga estratehiyang ito ay kadalasang nakikita bilang mga depensibong maniobra upang protektahan ang imahe sa halip na taimtim na pagpapahayag ng panghihinayang.

Isinasaad din ng pananaliksik na ang "sobrang" pag-uulit ng salitang "sorry" ay maaari talagang sumalungat sa pinaghihinalaang katapatan, na ginagawang mas parang isang iskrip ang kilos kaysa sa isang tunay na sikolohikal na estado. Kung saan kung iuugnay sa konteksto ng Pilipino, ang mga estratehiyang nagpapakita ng pag-ako sa kasalanan at pagpapakumbaba ay higit na epektibo.

Para sa madla at netizens, ang pananaliksik na ito ay nagbibigay ng balangkas para sa kritikal na paggamit ng mga personalidad na paghingi ng tawad, samakatuwid, ipinararating ng papel na dapat masuri kung ang tagapagsalita ay nagpapakita ng tunay na "sikolohikal na estado" ng panghihinayang. Ang taos-pusong paghingi ng tawad ay isa kung saan kinikilala ng tagapagsalita ang pinsalang nagawa nang hindi sinusubukang "pababain ang antas" ng pagkakasala sa pamamagitan ng hindi direktang mga dahilan. Karagdagan pa, dapat na malaman ng madla kung ang paghingi ng tawad ay isang taktikal na tugon lamang sa "krisis ng kawalan ng tiwala" na idinisenyo upang "pabutihin ang imahe" ng mga personalidad.

Habang ang pananaliksik na ito ay nagbibigay ng malalim na pragmatikong pagsusuri, mayroon itong mga partikular na limitasyon na dapat matugunan sa mga pag-aaral sa hinaharap: ang mga natuklasan ay batay sa isang purposibong pagpili ng apat (4) na personalidad na Pilipino lamang, pangunahing nakatuon ang pag-aaral sa tekstwal na pag-aanalisa at ang pagsunod sa mga kondisyon ng kaligayahan. Hindi nito pormal na sinuri ang "di berbal na mga pahayag" gaya ng mga ekspresyon ng mukha, tono ng boses, na kritikal sa kabuoang pag-unawa sa kung paano ginagampanan at natatanggap ang paghingi ng tawad, at huli, ang datos ay nakuha mula sa iba't ibang birtuwal na espasyo ngunit hindi nito isinaalang-alang kung paano maaaring malihis ng mga partikular na algorithm ng platform o mga seksyon ng komento ang pananaw ng publiko sa katapatan.

## MGA SANGGUNIAN:

Abudin, B., and Sundari, H., (2021). Eploxring Apology Strategy by Indonesian Public Figures: A Pragmatic Study in Social Media. Deiksis. 13(2). https://10.30998/deiksis.v13i2.7627

Acheoah, John & Adeoye, Adeyinka & Olaleye, Joel. (2015). A Critique of H. P. Grice's Pragmatic Theory.

Acheoah, John & Adeoye, Adeyinka & Olaleye, Joel. (2015). A Critique of H. P. Grice's Pragmatic Theory.

Apostolovska, Jovana & Neshkovska, Silvana. (2023). The Speech Act of Apologizing in the English Language 6. https://eprints.uklo.edu.mk/id/eprint/8124

Bautista, F., & Aguilar, M. I. B. (2023). Sikolohiyang Pilipino : an indigenous Filipino approach to community advocacy for reproductive health. Postcolonial Directions in Education, 12(2), 203-235. https://www.um.edu.mt/library/oar/handle/123456789/116643

Benoit, W. L. (2014). Accounts, excuses, and apologies: Image repair theory and research (2nd ed.). New York: SUNY Press.

Choi, G. A., & Marie, M. (2022). So sorry, now please watch: Identifying image repair strategies, sincerity and forgiveness in YouTubers' apology videos. Public Relations Review, 48(4), 175–204. https://doi.org/10.1016/j.pubrev.2022.102226

Choi, G. A., & Marie, M. (2022). So sorry, now please watch: Identifying image repair strategies, sincerity and-forgiveness in YouTubers' apology videos. Public Relations Review, 48(4), 175–204. https://doi.org/10.1016/j.pubrev.2022.102226

Dolan, M. N. (2023). Social media reactions to apologies from public figures, brands, and companies and its impact on reputation. CUNY Academic Works. https://academicworks.cuny.edu/bb_etds/169

Ekoro, D. and Gunn, M. (2022). Speech act theory and Gricean pragmatics: A review. Lwati: A Journal of Contemporary Research. (18) 4.

Fareh, Shehdeh & Abu Guba, Mohammed Nour & Hamadi, Inaam & Awad, Asmaa. (2023). Assessing the pragmatic competence of Arab learners of English: The case of apology. Cogent Arts & Humanities. https://10.10.1080/23311983.2023.2230540

Guo, Y. (2025). Please trust me: Examining strategies of celebrity apologies and public responses. Scientific Journal of Humanities and Social Sciences, 7(9). https://

doi.org/10.54691/sct8ew70

Hamza, M., & Nordin, N. (2024). Pragmatic deviation of Searle's felicity conditions of illocutionary speech acts in Trump's political speeches. Language Related Research, 15(5), 225–255. https://doi.org/10.48311/LRR.15.5.225

Holmes, J. 1992. An introduction to Sociolinguistic. UK

Jucker, Andreas. (2023). Chapter 12. "He offered an apologetic smile": The politeness of apologetic gestures. https://doi.org/10.1075/pbns.333.12juc

Le Huu, Loc. (2023). [Review of the book Methods in Pragmatics, by A. H. Jucker, K. P. Schneider, W. Bublitz (Eds.)]. VNU Journal of Foreign Studies. 39. 181-186. https://10.63023/2525-2445/jfs.ulis.5159

Levinson. (1995). Pragmatics. Cambridge: Cambridge University Press.

Manurung, R., Mono, U., & Harefa, Y. (2023). Apology Strategies Used by Prime Minister Kevin Rudd on National Apology â€œStolen Generationâ€ Speech. LingPoet: Journal of Linguistics and Literary Research, 4(1), 55–61. https://doi.org/10.32734/lingpoet.v4i1.9214

Matheson, Benjamin (2025). Fame and redemption: On the moral dangers of celebrity apologies. Journal of Social Philosophy 56 (1):98-115.

Meilina, A., S., and Fauziati, E., (2023). Apology Strategies Used by Celebreties Found in their Social Media. Universitas Muhammadiyah Surakarta. Retrieved from: https://eprints.ums.ac.id/112389/1/NASPUB.pdf

Murphy, J. (2015). Revisiting the apology as a speech act: The case of parliamentary apologies. Journal of Language and Politics, 14, 175-204. DOI:10.1075/JLP.14.2.01MUR

Norrick, Neal & Ilie, Cornelia. (2018). Introduction: Pragmatics and its interfaces. https://doi.org/10.1075/pbns.294.01nor

Nurhikmawati, Agita & Puspitasari, Dhika. (2018). Apology Strategies of Indonesian Hotel Managements in Handling Complaints Written in Travel Site. 10.2991/klua-18.2018.4

Oropilla, C. T., & Guadana, J. (2021). Intergenerational learning and Sikolohiyang Pilipino: Perspectives from the Philippines. Nordic Journal of Comparative and International Education (NJCIE), 5(2), 22–36. https://doi.org/10.7577/njcie.4151

Pe-Pua, R., & Protacio-Marcelino, E. (2000). Sikolohiyang Pilipino

(Filipino psychology): A legacy of Virgilio G. Enriquez. Asian Journal of Social Psychology, 3(1), 49–71. https://doi.org/10.1111/1467-839X.00054

Pramuniati, Isda & Bahri, Mahriyuni & Marice,. (2023). Apology Strategy in Senior High School Students of North Aceh Dialect. Mimbar Ilmu. 28. 359-364. https://10.23887/mi.v28i2.62294

Pulan, R., & Gildore, P.J. (2025). The Filipino Version of Public Apology as a Component of the Complex Dynamics of Cancel Culture: A Multimodal Analysis. Psychology and Education: A Multidisciplinary Journal. https://doi/10.70838/pemj.481006

Pykäläinen, E. K. (2024). A Corpus Linguistic Investigation into Public Apolologies of Celebrities (Dissertation). Retrieved from https://urn.kb.se/resolve?urn=urn:nbn:se:mdh:diva-69730

Reza Ayu Amalia, & Mujazin. (2024). An Analysis Speech Act of Apology Strategy Reflected in Little Women Movie Directed by Greta Gerwig. RETORIKA: Jurnal Ilmu Bahasa, 9(3), 415–420. https://doi.org/10.55637/jr.9.3.7680.415-420

Rieger, Caroline. (2017). "I want a real apology": A discursive pragmatics perspective on apologies. Pragmatics. 27. 553-590. https://doi.org/10.1075/prag.27.4.04rie

Rilveria, J. R. C. (2024). Towards a Culturally Sensitive Model of Therapeutic Alliance: Exploring the Role of Filipino Values and Shared Realities. Philippine Social Science Journal, 6(4), 19-32. https://doi.org/10.52006/main.v6i4.875

Saragih, A. A. ., Manurung, L. W. ., Napitupulu, F. D. ., & Pakpahan, C. . (2023). A Pragmatic Analysis On Apology Strategies Used Steve Harvey In Announcing The Winner Of Miss Universe 2015. Visi Sosial Humaniora, 4(1), 8-17. https://doi.org/10.51622/vsh.v4i1.1410

Searle, J. R. (1969). Speech acts: An essay in the philosophy of language. Cambridge University Press.

Smith, Barry (ed.) (2003). John Searle. Cambridge University Press.

Song, Y. (2024). I am Sorry and Sincere: A case study of influencer apology. English Language and Literature Studies, 14(4), 45. https://doi.org/10.5539/ells.v14n4p45

Sukron, N., (2022) An Analysis Apology Strategies Expressed by The Characters in The Stuart Little 2 Movie. Diplo-

ma Thesis, Uin Raden Intan Lampung. Retrieved from: https://repository.radenintan.ac.id/id/eprint/20584

Trosborg, A. (1995). Interlanguage pragmatics: Request, complaints and apologies. Studies in Anthropological Linguistics. Mouton de Gruyter, Berlin.

Trosborg, A. 1994. Interlanguage Pragmatics: Requests, Complaints and Apologies. New York: Mouton de Gruyter.

Uoti, K (2022). Apology as a Speech Act Set : Apology Strategies of Social Media Influencers in the Context of the Covid-19 Pandemic. University of Turku Library. https://urn.fi/URN:NBN:fi-fe2022042530307

Yifei, Song. (2024). I am Sorry and Sincere: A Case Study of Influencer Apology. English Language and Literature Studies. DOI:10.5539/ells.v14n4p45